Washington State Health Care Authority

# Data Privacy ng Apple Health
# Mga madalas itanong ng kliyente

**Mga kliyente ng Apple Health (Medicaid):** Gamitin ang mga frequently asked question (mga madalas itanong, FAQ) na ito para mas maunawaan ang tungkol sa iyong privacy at kung paano ibinabahagi ang iyong impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang **anunsyo** o tingnan ang **FAQ para sa mga katuwang at komunidad**.

## Ano ang nangyari?

Ipinapadala ng Health Care Authority (Awtoridad ng Pangangalagang Pangkalusugan, HCA) ang iyong personal na impormasyon gaya ng pangalan, tirahan, numero ng telepono, at mga serbisyong pangkalusugan na natatanggap mo sa Centers for Medicare and Medicaid Services (Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid, CMS). Ang CMS ay ang pederal na ahensyang nagpapatakbo sa Medicaid.

Naniniwala ang HCA, ngunit hindi tiyak, na naibahagi ang impormasyong ito sa Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad sa Homeland, DHS). Nalaman ng HCA ang tungkol dito mula sa isang **balitang inilathala noong Hunyo 13, 2025**.

## Bakit ito nangyari?

Ayon sa balita, inutusan ng mga pinuno sa U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., HHS) ang CMS na ibigay ang impormasyong ito sa DHS. Ang HHS ang nangangasiwa sa maraming programang pangkalusugan sa buong bansa, at bahagi ng HHS ang CMS.

## Kaninong personal na impormasyon ang naibahagi?

Nagpapadala ang HCA ng impormasyon sa CMS para sa mga taong naka-enroll sa mga programang Apple Health na tumatanggap ng pederal na pondo. Kabilang dito ang Pinalawak na Apple Health.

Sa ngayon, hindi pa namin tiyak kung ano mismo ang ibinahagi ng CMS sa DHS. Nababahala kami na maaaring may personal na impormasyon ang DHS tungkol sa karamihan ng mga taong gumagamit ng Apple Health (Medicaid).

## Mapoprotektahan ko ba ang impormasyon ko kung kakanselahin ko ang Apple Health?

Hindi, kahit kanselahin mo ngayon ang iyong saklaw ng Apple Health, hindi na mababawi ang impormasyong naibahagi na sa CMS.

Matagal nang hinihiling sa lahat ng estado na ibahagi ang impormasyong ito sa pederal na pamahalaan.

## Bakit ibinabahagi ng HCA ang impormasyon ko sa CMS?

Naglalaan ng pondo ang pamahalaang pederal sa estado para tumulong sa pagbabayad ng Apple Health (Medicaid). Para matanggap ang pondong ito, hinihilingan ng batas ang HCA na ibahagi ang impormasyon sa CMS.

## Mayroon akong saklaw ng Pinalawak na Apple Health. Naibahagi rin ba ang impormasyon ko?

Oo. Kung naka-enroll ka sa Pinalawak na Apple Health, naibahagi ang impormasyon mo sa CMS. Kahit karamihan sa mga serbisyo ng Pinalawak na Apple Health ay binabayaran ng estado, ginagamit pa rin ang pondo ng pederal na pamahalaan para sa mga emergency na pagbisita sa serbisyong pangkalusugan.

### Naibahagi ba sa CMS ang katayuan ko sa imigrasyon?

Ang impormasyong kaugnay ng katayuan sa imigrasyon na isinusumite ng HCA sa CMS ay hindi naglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa partikular na katayuan ng isang tao. Para sa mga naka-enroll sa Pinalawak na Apple Health, halos lahat ay iniulat bilang 'kwalipikadong hindi mamamayan' o benepisyaryo ng mga serbisyong pang-emergency. Napakakaunting bilang ng mga tao ang nailista bilang 'iba pa'.

### Paano gagamitin ng DHS ang impormasyong ito?

Hindi namin alam kung paano gagamitin ang impormasyong may kinalaman sa imigrasyon. Nababahala kami na baka gamitin ito para sa pagpapatupad ng batas sa imigrasyon.

## Ano ang puwede kong gawin kung gamitin ng DHS ang impormasyon ko para sa pagpapatupad ng batas sa imigrasyon?

Kung nababahala ka tungkol sa pagpapatupad ng batas sa imigrasyon, bisitahin ang **Alamin ang mga Karapatan Mo: Sibil na Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon sa Washington na webpage ng** Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington upang matuto tungkol sa iyong mga karapatan .

Ang website na ito ay may mga impormasyong makakatulong sa iyo na makapaghanda kung sakaling kontakin ka ng mga awtoridad sa imigrasyon. Puwede mong isalin ang website sa iba't ibang wika gamit ang tool sa kaliwang bahagi ng screen, o tingnan ang mga isinaling materyal tungkol sa Alamin ang mga Karapatan Mo sa pahina 3.

## Puwede ba akong tumangging ibahagi ang impormasyon ko sa pederal na pamahalaan?

Hindi puwede. Kung mayroon kang saklaw ng Apple Health, hinihilingan ang HCA na ibahagi ang iyong impormasyon sa pederal na pamahalaan. Kinakailangan ito ng batas. Hindi ka puwedeng tumanggi.

Puwede mong piliing kanselahin ang iyong saklaw ng Apple Health anumang oras. **Alamin kung paano kanselahin ang iyong saklaw online**. Kahit kanselahin mo ngayon ang iyong saklaw ng Apple Health, hindi na mababawi ang impormasyong naibahagi na sa CMS.

## Paano ko malalaman kung naibahagi ang impormasyon ko?

Kung naka-enroll ka ngayon sa Apple Health, o naka-enroll ka noon, naibahagi na ang impormasyon mo sa CMS bilang bahagi ng kinakailangan.

Kasama rito ang mga taong naka-enroll o nasa waitlist para sa Pinalawak na Apple Health na nakatanggap ng serbisyo sa pamamagitan ng ibang programa ng Apple Health.

Hindi naibahagi ang impormasyon mo kung nag-apply ka para sa Apple Health pero tinanggihan at hindi ka kailanman na-enroll.

## Ano ang mga opsyon ko para sa saklaw ng pangangalagang pangkalusugan kung ikakansela ko ang Apple Health?

Kung magpapatingin ka sa ospital, puwede kang maging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad ng serbisyo sa ilalim ng **Batas sa Charity Care ng Washington**. Puwede ka ring makakuha ng libreng serbisyo o may bawas na bayad sa isang libreng klinika o Sentrong Pangkalusugan ng Komunidad.

## Paano ko mababago ang aking address o numero ng telepono?

Pumunta sa **hca.wa.gov/report-a-change para malaman kung paano i-update ang** iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Available ang mga tagubilin sa iba't ibang wika.

Ina-update ng HCA ang mga pagbabago sa address isang beses kada buwan. Dahil kailangan naming magsumite ng buwanang file sa CMS, ipapadala rin sa kanila ang bagong address mo pagkatapos itong ma-update. Itinatago ng CMS ang lahat ng dating impormasyon. Ibig sabihin, mananatili sa kanila ang access sa luma at bagong detalye ng iyong contact information.

## Paano pinoprotektahan ng estado ang impormasyon ko?

Hinihilingan ng mga batas ng estado at pederal ang HCA na gamitin o ibahagi ang impormasyon mo sa kalusugan para lamang sa mga tiyak na dahilan.

Kumikilos ang HCA para limitahan ang dami ng impormasyong ibinabahagi. Halimbawa, hindi na namin ibinabahagi ang karamihan sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong medikal (tinatawag ding mga claim) ng mga taong naka-enroll sa Pinalawak na Apple Health. Hinihilingan pa rin kaming ibahagi ang impormasyon ng pag-enroll sa Pinalawak na Apple Health, pati na rin ang mga claim na may kaugnayan sa serbisyong pang-emergency, paggamot sa cancer o dialysis, at pangangalaga matapos ang transplant. Sinusuportahan ng pondo mula sa pederal na pamahalaan ang mga serbisyong ito kaya obligado ang HCA na iulat ang mga ito.

Patuloy na naghahanap ang HCA ng mas mabubuting paraan para maibigay sa mga tao ang pangangalagang kailangan nila habang mas kaunti ang ibinabahaging datos. Nakikipagtulungan kami sa Tanggapan ng Gobernador at iba pang katuwang upang makagawa ng mga pagbabago sa lalong madaling panahon.

## Dapat pa rin ba akong pumunta sa mga appointment ko sa doktor o kumuha ng gamot?

Oo. Mahalagang ipagpatuloy mo ang pagkuha ng pangangalagang kailangan mo. Gusto naming maramdaman mong ligtas kang makakakuha ng pangangalagang kailangan mo. Nakikipagtulungan kami sa mga komunidad ng provider para matulungan silang maunawaan ang iyong mga karapatan at patuloy na makapagbigay ng ligtas at abot-kayang pangangalaga sa lahat ng tao sa Washington.

## Sino ang puwede kong kontakin kung may mga tanong o alalahanin ako tungkol sa aking privacy?

### Pampublikong benepisyo at imigrasyon

**Kung nag-aalala ka kung paano makaaapekto sa iyo ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo**, makipag-usap sa isang immigration attorney. Makakahanap ka ng libre o abot-kayang legal na tulong sa Washington sa **immigrationlawhelp.org**. Tinutulungan ng site na ito ang mga imigranteng may mababang kita na makahanap ng mapagkakatiwalaang legal na suporta.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano maaaring makaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon ang paggamit ng pampublikong benepisyo, bisitahin ang **Mga proseso at panuntunan ng USCIS tungkol sa pampublikong pasanin**.

### Alamin ang mga karapatan mo

Kung nababahala ka na maaaring may hawak na impormasyon tungkol sa iyo ang DHS, bisitahin ang **Alamin ang mga Karapatan Mo: Sibil na Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon sa Washington na webpage ng Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington**. I-click ang mga wika sa ibaba para makita ang mga isinaling materyal.

**Amharic** | **Arabic** | **Chinese (Simplified)** | **Chinese (traditional)** | **German** | **Hindi** | **Japanese** | **Khmer** | **Korean** | **Marshallese** | **Punjabi** | **Russian** | **Samoan** | **Somali** | **Spanish** | **Tagalog** | **Ukrainian** | **Vietnamese**

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para mabasa pa ang tungkol sa kung paano pinoprotektahan ng HCA ang iyong impormasyon, bisitahin ang **hca.wa.gov/apple-health-privacy.**